27 October 2020

# SUNOD SA DIYOS, ANG ESTADOS UNIDOS

U Z. Eliserio

1.

Humuhulagpos
at umaawit:
“Luwalhati sa COVID!”
Nasusunog ang Amazon
at bilanggo tayo ng pag-ibig.
Parang *Bomba*,
gusto
kong
basahin:
COVID!
COVID!
COVID!
Pinupuri ko ang COVID
at pinupuri ko
ang aking pagpuri.

2.

Panahon na para
magsimula:
ito ang kuwento ng COVID.
Hindi
pa tapos
ang lungkot.

Pero alangan namang
hintayin ko pa ang bakuna.

’Pag meron nang gamot
sino ang nakakaalala sa sakit?

Araw?
Wala nang araw
Binura ko na ang kalendaryo sa aking telepono!

Wala nang mabubuhay
nang buhay.
Kolboy na tayong lahat ngayon.

Walang lakas,
walang dunong.
Manggagawa ng pagnanasa.

Ang bayan
ay pareho
kahit nasa Landmark.

Oorder
ng Silka Papaya.

Lahat ng uri
ng basura
oorderin natin.

Saka itatambak
sa tabi.

3

Itatanong ng ating mga apo:
“Ano po ang labas, Lola?”
Parang ngayon, ang mga bata
ang tanong: “Ano po ang COVID?”

Umaapaw mula sa aking bungon
ang mga makina at makinasyon.
Ang mga alipin sa service sector,
milyong hukbo, bubukakang lahat.

Mga kaharian ang kakainin. Ang
kanilang mga korona at mga agila.
Mananaba kakabasa ng Bibliya,
hihina sa pagdaan ng mga taon.

Sa paligid natin, ipinagtatanggol
ang kapayapaan ng mga pulis
na mukhang puwet. Ang kaluluwa
ng COVID, ang kulay nitong pula

at abo. Noon mga baka tayong
ngumunguya. Masaya pala, hindi
lang halata. Nagdidiskurso sa
etika at estetika. Naghuhugas

ng kamay. Impiyerno at paraiso.

5.

Gigisingin ng dakilang musika
ang mga patay.
Lalaban sila.

Titira sa Malacañang.
Dikit-dikit, laban sa init.
Giniginaw.

Hindi na natin muling
makikita ang langit,
ang bughaw.

Bulag na tayo sa kulay.
Darating siya.
Hindi makikilala.

Maliit ang mundo.
Malaki ang aking ambisyon.
Gusto ko ng inidorong ginto.

Habang nagsusulat,
nagkaroon ako ng bisyon:
si Putin sa Kremlin.
Putin
ina
mo.

Kahit ang pinakamasangsang na tae,
tulaan mo,
nagiging sutla.

Mabaho pa rin.
’Wag mo na lang
amuyin.